TAMANG SAGOT

PhilHealth Circular No. 2016-0031

Payment of Php2,400 Annual Premium Contribution from Landbased Overseas Filipino Members

---

1. **Magkano ang kailangang ibayad ng isang land-based OFW para sa kanyang kontribusyon sa PhilHealth?**

   Sagot:

   Ang isang land-based OFW ay kinakailangang magbayad ng halagang Php 2,400.00 para sa kanyang taunang kontribusyon sa PhilHealth.

2. **Ilang araw ang ibinibigay na palugit sa isang land-based OFW matapos ang validity ng kanyang kontribusyon sa PhilHealth?**

   Sagot:

   Pagkatapos ng validity ng kanyang kontribusyon, ang isang land-based OFW ay binibigyan ng tatlumpong araw (30 araw) na palugit para magbayad ng kanyang premium upang ang kanyang membership ay walang patlang o gap.

3. **Ilang taon ang puwedeng bayaran ng isang land-based OFW bilang kanyang kontribusyon sa PhilHealth?**

   Sagot:

   Ang isang land-based OFW ay maaaring magbayad ng kanyang kontribusyon sa PhilHealth ng hanggang dalawang taon mayroon man o walang kontrata, o hanggang limang taon kung ito ay nasasaad sa kanyang kontrata.

4. **Saan maaaring magbayad ang isang land-based OFW ng kanyang kontribusyon sa PhilHealth?**

   Sagot:

   Maaaring magbayad ang isang OFW sa alinmang opisina ng PhilHealth na malapit sa kanyang tirahan dito sa Pilipinas, o sa alin mang accredited collecting agent ng PhilHealth sa ibang bansa kung saan siya nagtatrabaho.

5. **Ano ang dapat tandaan kung magbabayad ng PhilHealth premium ang isang OFW?**

Sagot:

Kung magbabayad, siguraduhin na and detalye ng kumpletong pangalan at tamang PhilHealth Identification Number (PIN) ang ilalagay sa PPPS (PhilHealth Premium Payment Slip) kung dito sa Pilipinas, o transaction receipt kung sa ibang bansa.

6. **Maaari pa bang magbayad ng Php 1,200.00 (valid for 6 months) ang isang OFW?**

Sagot:

Hindi, sapagkat ang tatanggapin lang na kontribusyon para sa land-based OFW ay Php 2,400.00 sapat sa isang taon na premium at may bisa sa loob ng 12 buwan.

7. **Paano kung Php 1,200.00 ang ibinayad ng isang OFW?**

Sagot:

Kung ang kontribusyon na Php 1,200.00 ay tanggapin, ang membership category bilang OFW ay mapapalitan ng Informal Sector na may ibang patakaran sa paggamit ng benepisyo.

8. **Kung may karagdagang tanong tungkol sa bagong polisiyang ito, saan maaaring magtanong ang isang OFW?**

Sagot:

Maaaring tumawag ang miyembrong OFW sa PhilHealth Call Center sa telepono bilang (02) 441-7442. Maaari ding mag-email sa ofp@philhealth.gov.ph.